email: **uma**.pilipinas@**gmail**.com | www.**uma**pilipinas.wordpress.**com** | twitter: @**UMA**pilipinas

Ang UMA

OPISYAL NA PUBLIKASYON NG UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

Espesyal na Isyu | Filipino SONA | Hulyo 2020

# PANGAKONG LANGIT, NAUWI SA BIYAHENG IMPYERNO: PAGSUSUMA SA APAT NA TAONG PAGHAHARI NG PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE




*Sama-sama tayong magbalik-tanaw sa apat na taong pananatili ni Duterte bilang pangulo ng bansa at tilad-tilarin ang mga puntong tumatak sa atin sa ilalim ng mga tag-line niyang "change is coming" at "tapang at malasakit". Saan ba tayo dinala ng biyahe ni Rodrigo, sa langit o impyerno? Bakit kailangan na mapatalsik ang papet at pasistang pangulo?*

## ANG KALAGAYAN NG MGA MANGGAGAWANG AGRIKULTURAL SA BANSA SA ILALIM NG REHIMENG US-DUTERTE

Nang manumpa si Duterte bilang pangulo, itinalaga niya sa kanyang gabinete ang ilan sa mga progresibong personaheng kumakatawan sa interes ng masang api. Isa na dito si Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) Chairman Emeritus, Rafael "Ka Paeng" Mariano na lampas isang taong namuno sa Department of Agrarian Reform (DAR).

Malaki ang itinulong ni Ka Paeng sa pakikibaka ng mga manggagawang bukid sa tubuhan sa Hacienda Luisita at pati na rin sa mga manggagawang agrikultural ng Lapanday sa Davao del Norte. Binawi ni Ka

Paeng ang 384 ektaryang lupain ng Luisita Land Corporation at ng RCBC na nanatiling tiwangwang sa loob ng 20 taon. Sa Mindanao, siya ang nag-install sa mga kasapi ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. (MARBAI) na lumaban sa pang-aagaw ng Lapanday, pagmamay-ari ng mga Lorenzo.

Si Ka Paeng din ang nagsulong ng 2 taon moratorium laban sa pagpapalit-gamit ng lupa na ikinagalit ng mga panginoong maylupa. Ito ang mga mayor na dahilan kung bakit hindi na-confirm si Ka Paeng bilang kalihim ng DAR. Tulad ng inaasahan, hindi siya sinuportahan ni Duterte dala na rin ng kawalan ng plano ng rehimen para sa tunay na reporma sa lupa.

Matatandaan na buong pagmamayabang niyang ipinangalandakan ang mga Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na kanya umanong personal na naipamahagi. Subalit ang lahat ng ito ay pawang buladas lamang. Nasa kamay pa rin ng iilang panginoong may lupa (PML) ang malalawak na lupaing agrikultural. Kontrolado pa rin ng mga transnational corporation (TNCs) ang agrikultura ng Pilipinas sa pamamagitan ng malalawak nitong plantasyon sa ilalim ng mga agri-business venture arrangements (AVAs) sa buong bansa.

Hindi rin tinupad ni Duterte ang pangako niyang ipagbabawal ang kontraktwalisasyon. Laganap pa rin ito sa buong bansa hanggang ngayon. Mala-alipin pa rin ang pasahod sa mga manggagawang agrikultural at manggagawang bukid sa tubuhan na umaabot lamang mula P70-P350 kada araw. Wala o kulang naman ang tinatamasa nilang benepisyo.




*Mga magsasaka ng MARBAI nang matagumpay nilang nabawi ang lupa mula sa Lapanday taong 2016*

Nagagawa ring busabusin ng mga dayuhan at lokal na negosyante ang mga manggagawa sa agrikultura sa pamamagitan ng mga kontra-mamamayang batas at patakaran na tahasang nagsisilbi sa mga PML, korporasyon at haciendero.

Ipinasa ang Rice Liberalization Law na lalo pang naglugmok sa kahirapan sa mga magsasaka. Umabot lamang sa P7-P10/kilo ng palay nang bumaha ang imported na bigas. Hindi naman natupad ang pangako ng nasabing programa na magkakaroon ng murang bigas sa merkado. Napakamahal pa rin ng bigas at hirap na hirap ang mga manggagawang agrikultural na pagkasyahin ang kakarampot nilang sahod para sa pagkain.

Nais pang sundan ng rehimeng ito ang bangungot na batas sa pamamagitan ng pagpapanukala ng Sugar Import Liberalization. Kapag bumaha ang imported na asukal, ito ang papatay sa industriya ng asukal sa bansa at sa kabuhayan ng 700,000 na mga manggagawang bukid sa tubuhan. Mawawalan rin ng kabuhayan ang mga maliliit na plantador ng tubo.

## ANG PANGAKONG NAPAKO HINGGIL SA INDEPENDENT FOREIGN POLICY




*Protesta sa harap ng Chinese Embassy laban sa pagpayag ng administrasyon sa pagtatayo ng base ng Tsina sa West Philippine Sea, LARAWAN NI EZRA ACAYAN*

Tuluyang nalantad ang pagiging inutil at pagiging taksil sa bayan ni Duterte nang isuko nito ang ating karapatan sa ating mga isla kapalit ang bilyon-bilyong pisong inutang sa Tsina. Walang kaparis ang kapal ng mukhang taglay ni Duterte nang ipahayag nito na bukas siyang gawing probinsya ng Tsina ang Pilipinas habang patuloy pa rin ang pagpapakatuta niya sa US sa pagpapanatili ng kontrol ng huli sa ekonomiya, politika at militar ng bansa.

Buong pagmamayabang ding ipinangalandakan ni Duterte na ibabasura niya ang Visiting Forces Agreement (VFA) dahil sa pagka-kansela ng visa ng tau-tauhan niyang si Sen. Ronald "Bato" dela Rosa. Subalit sa umpisa pa lamang ay balat-kayo lamang ito at buong kaduwagan na niyang iniatras kamakailan lamang.

## GUTOM NA MAMAMAYAN, PINAKAKAIN NG BALA NI DUTERTENG UTAK PULBURA

Pumasok si Duterte sa usapang pangkapayapaan at mahigit isang taong nag-urong-sulong. Pagkatapos i-proklama ang Communist Party of the Philippines-New People's Army-National Democratic Front of the Philippines (CPP-NPA-NDFP) bilang terorista sa kanyang Proclamation 374, tuluyan niyang isinara ang lahat ng pinto para sa nasabing usapan.

Ibinasura nito ang mga naunang pinirmahang kasunduan sa Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms (CASER) na lulutas sana sa mahabang panahon ng problema sa lupa. Ipinatugis pa nitong muli at ipinakulong sa bisa ng mga gawa-gawang kaso ang mga peace consultants ng NDFP. Pinatunayan din ng pagkakapaslang ng mga ahente ng estado kay NDFP Consultant Randy Malayao ang kawalan ng interes nitong lutasin ang ugat ng digmaan.

Sa halip na tugunan ang krisis pang-ekonomiya, humigit kumulang na 31,000 ang pinaslang ng huwad na gyera kontra-droga ng rehimeng US-Duterte. Pawang mga mahihirap ang target nito habang ang mga malalaking dayuhan



*Protest camp ng bungkalan ng NFSW sa Hacienda Nene kung saan nangyari ang Sagay Massacre*

at malalaking druglord ay pinalalampas at tahasan pa ngang pinoprotektahan ng estado.

Sa kanayunan, tumitinding pang-aagaw ng lupa, mala-aliping pasahod sa mga manggagawang agrikultural, barat na presyo na produkto ng magsasaka at pagkakabaon sa utang, lumalakas ang panawagan at paglaban ng masang anakpawis. Sa halip na tugunan ni Duterte ang kanilang mga hinaing, ay pinatindi pa nito ang panunupil at pandarahas.

Oktubre 20, 2018 nang pagbabarilin ang mga manggagawa sa tubuhan sa tinaguriang Sagay Massacre na agad kumitil sa siyam na buhay kabilang ang isang menor de edad. Mas masahol pa, dalawa sa mga survivor ng nasabing masaker ang kinasuhan at pinagbintangan na pumaslang sa sarili nilang mga kasamahan.

Hindi pa nakuntento ang mga berdugo, pati ang abogadong si Kathy Panguban ay sinampahan ng gawa-gawang kasong kidnapping. Subalit dahil sa kawalan ng sapat na batayan ay agad din namang ibinasura ang gawa-gawang kasong ito.

Sinundan pa ito ng pagkakapaslang kay Atty. Ben Ramos, kilalang makabayang abugadong nagtatanggol sa interes ng masang magsasaka sa Negros.

Kalunos-lunos din ang sinapit ng labing apat na kataong karamihan ay mga magsasaka na sabay-sabay na pinagpapatay sa mga bayan ng Guihulngan, Kanlaon at Manjuyod sa Negros Oriental sa ilalim ng Memorandum Order 32 (MO32). Ang MO32 ay nagpailalim sa "state of emergency" sa Samar, Bicol at Negros. Sinundan pa ito ng pagpaslang kay Escalante Councilor at survivor ng Escalante massacre na si Ka Toto Patigas.

Bago pa man mangyari ang mga naturang pananalasa sa Isla ng Negros ay una nang pinaslang sina Alexander Ceballos na organisador ng National Federation of Sugar Workers-Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (NFSW-UMA) at sinundan ng pagpatay sa mga opisyal at myembro nito na sina Flora Jemola, Julius Barellano at Ronald Manlanat. Ang pinakahuli ay si Jose Jerry Catalogo na pinaslang nito lamang Hunyo 23, 2020.

Sinalanta rin ng MO32 ang mga rehiyon ng Samar at Bikol kung saan may mga naitalang pagpaslang, militarisasyon at pandarahas. Idagdag pa sa humahabang listahan ng mga krimen ng rehimeng US-Duterte ang bangis ng Martial Law sa Mindanao na idineklara sa tabing ng paglaban umano sa terorismo. Tumagal din ito nang dalawa't kalahating taon.

Matapos na wasakin ng mga bomba ng AFP ang Marawi, ang mga Moro na napalayas ay hindi pa rin makabalik sa kani-kanilang mga tahanan at lupain. Kaalinsabay nito, libo-libong Lumad din ang napalayas mula sa kanilang lupang ninuno, ipinasara ang kanilang mga paaralan, pinaslang ang kanilang mga lider at mga kabataan. Matinding militarisasyon na lalo lamang nagbukas sa pagpapalawak ng mga plantasyon at minahan na pag-aari ng mga TNC sa Mindanao.

Umabot na sa 262 ang magsasakang pinatay sa buong bansa at libo-libo na ang sinampahan ng gawa-gawang kaso habang patuloy ang red-tagging ng National Task Force to End Local Community Armed Conflict (NTF-ELCAC) sa mga progresibong organisasyon. Tinutugis kapwa ang mga organisasyon ng mga manggagawa, maralitang lungsod at estudyante sa kalunsuran at ng mga magsasaka at manggagawang agrikultural sa kanayunan.

Ilan din sa mga organisador ng UMA sa Cagayan Valley ay binansagang "persona non grata". Isa sa pinakamatinding atake ng rehimen sa UMA ay ang gawa-gawang kasong isinampa nito kay Angie Ipong na pinangunahan ang women's desk at agroecology

advocacy ng organisasyon.

Hindi rin malilimutan ng masang anakpawis ang ginawang pambabastos at pagpapalayas ng rehimeng US-Duterte kay Sister Patricia Fox, volunteer ng UMA, na isang Australyanang madreng naglingkod sa masang magsasaka sa Pilipinas sa loob ng halos 3 dekada. Bagama't banyaga si Sr. Pat, higit na mas masidhi ang kanyang pagmamalasakit sa masang anakpawis at kung gayon ay mas Pilipino pa ngang maituturing kaysa kay Duterte.



*Si Ka Angie Ipong at Sister Patricia Fox, kapwa biktima ng pandarahas ng Rehimeng US-Duterte*

# TUGON NG REHIMENG US-DUTERTE SA KRISIS PANGKALUSUGAN: KAPABAYAAN AT PASISTANG ATAKE SA PANTAONG KARAPATAN



*Relief volunteers ng Tulong Anakpwais, Sagip Kanayunan na hinuli sa Norzagaray, Bulacan*

Ang pagiging inutil ng rehimeng US-Duterte ay tuluyan nang humantong sa umaalingasaw na pagkabulok. Araw-araw na nailalantad ang kawalang silbi nito lalo na nang tamaan ang bansa ng pandemyang Covid-19. Una itong kumalat sa Wuhan, China noong Disyembre 2019. Subalit hinayaan pa rin ng rehimen na maglabas-pasok sa bansa ang kalahating milyong negosyante at turistang Tsino. Sa halip na protektahan ang sariling bayan, buong pagtatraydor na ipinahayag ng rehimeng US-Duterte na ayaw niyang masaktan ang kanyang mga "Chinese friends".

Kumalat na nga ang sakit sa buong bansa bunga ng naunang nabanggit na malalang kapabayaan ng rehimen, mas inuna pa nito ang pagpataw ng isang militaristang lockdown na hindi naman pinalalakas ang sistemang pangkalusugan. Maliban dito, hindi niya ipinatupad ang siyentipikong pamamaraan ng pagharap sa krisis pangkalusugan sa hindi pagsasagawa ng libreng mass testing, contact tracing, isolation at treatment.

Ginamit din ni Duterte ang pandemya para gipitin ang mga mga progresibong grupo. Kamakailan ay sinalakay ng pinagsanib-pwersa ng pulis,

militar at air force ang mga myembro ng Samahan ng mga Magsasaka sa Coral ni Lopez sa Calaca, Batangas bilang bahagi ng pagtugis sa mga myembro ng NPA na namamalagi umano sa lugar. Subalit, ang anim na inarestong magsasaka, manggagawa sa tubuhan at opisyal ng barangay ay napiit dahil sa mga itinanim na ebidensya.

Sa Hacienda Luisita, sapilitang pinasurender ng 91st IB at 84th IB ang 116 upisyal at miyembro ng Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) nung Hunyo 13 sa tabing ng pamamahagi ng relief.

Kinasangkapan din ni Duterte ang krisis pangkalusugan upang makakuha ng emergency powers na nagbigay kapangyarihan sa kanyang administrasyon upang magkamal ng bilyon-bilyon sa pamamagitan ng walang taning na pangungutang. Utang na hindi naman pakikinabangan ng higit kumulang 14 na milyong mga Pilipinong nawalan ng hanapbuhay. Sa halip na bigyan ng sapat at agarang ayuda ang mamamayan, pinipili ng rehimen na magbigay ng economic aid sa malalaking negosyante (corporate bailout).

Sa hanay ng mga manggagawang agrikultural, wala halos nabigyan ng tulong. Ayon sa Department of Labor and Employment-Bureau of Workers with Special Concerns (DOLE-BWSC), higit sa 49,000 lamang sa kabuuang bilang na 700,000 na MBT ang nabigyan ng tig-P1,000. Ito ay sa kabila ng pagsasara ng ilang ilohan at hindi pagtatrabaho sa mga tubuhan gawa ng paghihigpit sa mga checkpoint. Marami ring manggagawa sa mga plantasyon ang pinagtrabaho na lamang sa loob ng 3 beses kada linggo.

Ang pagiging bangag sa kapangyarihan ni Duterte ay makikita rin sa kanyang gabineteng tadtad ng mga dating heneral na katuwang niya sa pagpapatupad ng mga pasistang programa sa ekonomiya at kalusugan. Hindi tumutugon ang mga programang ito sa mga pangunahing kahilingan ng mamamayan bagkus ay sumusupil sa mga batayang karapatan.

Habang pinarurusahan ng militaristang lockdown ang mamamayan, abswelto naman ang mga kaibigan ni Duterte na lumabag sa mga health protocol tulad nina Sen. Koko Pimentel, NCR Police Chief Debold Sinas at OWWA Deputy Administrator Mocha Uson. Pinalulusot din ng rehimen ang panibagong fertilizer scam ng Department of Agriculture (DA) at ang patuloy na pagkainutil nito at ng DAR sa pagtugon sa pangangailangan ng masang magsasaka.

Ang sinumang tumutulong sa gitna ng pandemya ay ginigipit at pinarurusahan. Isa sa matingkad na halimbawa nito ay ang pagkaka-aresto at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso kina dating Anakpawis Congressman at ngayo'y vice chairperson ng UMA, Ariel "Ka Ayik" Casilao at 6 na boluntir ng Sagip Kanayunan. Panggigipit na muling tinabingan ng balat-kayong pagtataguyod sa mga health protocol.

Sa gitna ng krisis pangkalusugan, iniratsada ng mga kasapakat ni Duterte sa Kongreso at Senado ang Anti-terrorism Law o "Terror Law", isang batas na mas masahol pa kaysa sa batas militar na ipinatupad noon ng diktador na Ferdinand Marcos.

Ginagawang panangga ng rehimeng US-Duterte ang nasabing batas at ang puwersang miltar upang makaiwas sa nagngangalit na sambayanan at supilin ang oposisyon sa itinutulak nitong Charter Change na naglalayong palawigin pa ang termino ng pangulo at mga kongresista at payagan ang 100% foreign ownership ng ating likas yaman. Ginawa ito ng rehimen upang itodo ang atake sa kanyang mga kritiko sa politika maging sa mass media. Kamakailan lamang ay nagawa na rin nitong patayin ang kalayaan sa pamamayahag sa pamamagitan ng pagpapakulong kay Maria Ressa ng Rappler at pagpapasara sa ABS-CBN.



*Tatlong myembro ng Calaca 6 matapos tagumpay na binasura ng korte ang mga gawa-gawang kaso na hinain ng militar at pulis*




*Kilos prostesta sa loob ng UP-Diliman campus laban sa pagpasa ni Duterte sa Terror Law noong June 12, 2020*

# SIGAW NG MANGGAGAWANG AGRIKULTURAL AT BUONG SAMBAYANAN, SINGILIN AT PATALSIKIN ANG PASISTANG REHIMEN!

Walang pagsidlan ang galit ng mga manggagawang agrikultural at buong sambayanang Pilipino sa papet, pasista at korap na si Duterte. Ang apat na taong panunungkulan nito bilang pangulo ay isang malaking delubyo sa bansa.

Ang kanyang pandarahas at makadayuhang mga patakarang pangekonomya ay pamalagiang sinasalubong ng paglaban ng mamamayan sa kalunsuran man o kanayunan. Ilan sa mga ito ang mga kampanya sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang agrikultural sa Negros at Cagayan Valley.

Nariyan din ang mga bungkalan (Mindanao at Negros), lakbayan para sa regularisasyon at karapatang mag-unyon (NAMASUFA-Sumifru workers), pagbubuo at muling pag-aktibo ng mga alyansa at kampanya tulad ng Defend Negros, Tanggol Asukal, Bantay Bigas, Solidarity with the Poor Network, Resisting Expansion of Agribusiness Plantation (REAP) at iba pa. Kasabay ito ng nagpapatuloy at lumalakas na kilusang manggagawa, kabataan at propesyunal maging ng mga taong simbahan sa kalunsuran at kanayunan.

Para sa UMA, wala ni katiting na nagawa ang rehimeng ito upang paunlarin ang kabuhayan sa kanayunan at lalo nitong inilulugmok ang buhay ng masang anakpawis sa pang-aapi at matinding pagsasamantala.

Malinaw sa UMA at sambayanang Pilipino na hindi na dapat tapusin ni Duterte ang kanyang nalalabing dalawang taon sa poder. Napakahahabang panahon ito upang patuloy na makapaghasik ng lagim ang pasistang rehimen.

Kasama ang sambayanang Pilipino, ubos lakas na lalaban ng mga manggagawa sa agrikultura para wakasan ang paghahari ng pinaka-inutil at tiranikong pangulo sa kasaysayan ng Pilipinas. Hindi aatras at pasisindak kahit pa sa Terror law ni Duterte ang mamamayan.

Patuloy nating isulong ang pambansa demokratikong pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon, nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho, benepisyo at karapatang pantao! Patalsikin ang tiraniko at pasistang rehimeng US-Duterte!



Ang “Lunas” ay isinulat at itinanghal nina: Alyana Cabral ng SAKA (Vocals and Bass), Mara Marasigan ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (Vocals and Guitar), Aryan Carandang ng SINAGBAYAN (Vocals and Percussions), Chazz Barrientos ng SINAGBAYAN (Lead Guitar) at Vincent Juliano ng NNARA-Youth (Drums)

## “LUNAS”

I.
*Am Em*
Magtatapos na naman ang anihan
*Am Em*
Magtatanim kasabay ng tag-ulan
*Am Em*
Hangarin ay maibsan
*Am Em*
Sikmurang kumakalam

II.
*Am Em*
Si ama’t ina ay nababalisa
*Am Em*
Sa unos na parang walang katapusan
*Am Em*
Biro ng tadhana
*Am Em*
Wala pa ring lunas

III.
*Am Em*
Dati nang lugmok sa karimlan
*Am Em*
Ngayo’y may bagong dagok na naman
*Am Em*
Wala pa ring lunas
*Am Em*
Ano nga ba ang lunas?

*Bb-A*
(ohhhhh)
*Bb-A*
(ohhhhh)
*Bb....*

IV.
*Am Em*
Isusulat na lang ba sa kawalan
*Am Em*
Ang aking mga pinapangarap
*Am Em*
Wala pa ring lunas
*Am Em*
Walang maaasahan

Refrain:
*Bb-A*
Sino pa ba ang hahangad ng paglaya
*Bb-A*
Kundi ang may mga kinukuyom na kamay
*Bb-A*
tayo ang makapag-aangat sa isa’t isa
*Bb-A*
patungo sa bukas na may liwanag

Chorus:
*D-DM7-C-G*
Halika, at bawiin ang sa atin ay sa atin
Halina at usigin singilin ang mapang-alipin (2x)

Counterpoint:
Hawak natin ang bukas
Tayo ang magliligtas
Nasa atin ang lakas
Tangan natin ang lunas...

#JunkTerrorLaw
#FreeMassTesting
#LandToTheTillers
#MakibakaHuwagMatakot

Ang UMA

**ISSUE STAFF:** GI ESTRADA, ANTONIO “KA TONYING“ FLORES, MARA MARASIGAN, LEVI FRANCISCO, BENS MARASIGAN, TOBI ESTRADA

PUBLISHED BY THE **UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA** (UMA Pilipinas - Federation of Agricultural Workers)
Mailing Address:
56 K-9th St., West Kamias, Quezon City, Philippines

For questions, comments, suggestions and contributions, contacts us at
landline: **(+632) 799.2009**
email: **uma.pilipinas@gmail.com**
twitter: **@UMApilipinas**
Find **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura** on Facebook